



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Pebrero 2, 2022

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius, 415.519.5419 o sa kroselius@baaqmd.gov

Ang Distrito ng Hangin ay sponsor ng AB 1897 para pataasin ang mga multa sa refinery at maiwasan ang mga paglabag sa kalidad ng hangin

Miyembro ng Asembleya Wicks, ipinakilala ang panukalang-batas para papanagutin ang mga refinery

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayon ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ang sponsorship nito sa (Assembly Bill, AB) 1897, isang panukalang-batas na ipinakilala ngayon ni Miyembro ng Asembleya na si Buffy Wicks para pataasin ang limitasyon sa multa para sa mga paglabag sa refinery ng mga regulasyon sa kalidad ng hangin.

Pinapataas ng AB 1897 ang limitasyon sa sibil na multa para sa mga paglabag ng mga pang-estado o lokal na panuntunan, regulasyon, at kundisyon sa permit sa kalidad ng hangin sa mga refinery, mula sa \$10,000 hanggang sa \$30,000, kung nagresulta ang paglabag sa matinding abala sa komunidad. Sa ilalim ng panukalang-batas, papanagutin din ang isang taong lalabag sa probisyon ng sibil na multa na hanggang \$100,000 para sa kasunod na paglabag sa loob ng 12 buwang panahon.

“Ang mga multa sa paglabag sa kalidad ng hangin ay hindi na maaaring maging ‘resulta ng pagkikipagnegosyo’ sa mga refinery sa Bay Area,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Magbibigay ang panukalang-batas na ito ng matinding pagpigil at titiyakin nito na mananagot ang mga refinery para sa pagsunod sa lahat ng lokal, pang-estado, at pederal na regulasyon sa kalidad ng hangin, para protektahan ang kalusugan at kalidad ng hangin ng mga nakatira sa komunidad na malapit sa mga refinery.”

“Hindi makapaniwala ang mga kumpanya sa fossil fuel na puwede silang ‘magbayad para mawala ang problema’ kapag negatibong nakakaapekto ang kanilang mga pagkilos sa kalusugan at kaligtasan ng ating mga komunidad sa frontline,” sabi ng Miyembro ng Asembleya na si Buffy Wicks (D-Oakland). “May responsibilidad ang Lehislatura sa mga Californian na seryosohin ang hustisya sa kapaligiran, at kasama rito ang pagbuo ng mga pinansyal na pagpigil para sa mga negosyong nagpaparumi sa hangin, na naniniwalang hindi sila papanagutin ng batas. Ang panukalang-batas na ito ay kinakailangang hakbang patungo sa accountability para sa mga masasamang taong ito.”

“Ang mga residente nakatira sa mga komunidad sa refinery ay matagal nang nakakaranas ng hindi magagandang epekto ng polusyon sa hangin,” ayon sa Supervisor ng Contra Costa at Miyembro ng lupon ng Distrito ng Hangin na si John Gioia. “Mayroon tayong responsibilidad sa mga walang tinig

laban sa mga refinery, para mapahusay ang kalidad ng hangin at kalusugan nila, sa pamamagitan ng pagbibigay ng matinding pagpigil sa mga nakakasamang paglabag sa kalidad ng hangin.”

Sa Bay Area, ang mga refinery ang ilan sa pinakamalalaking pinagmumulan ng mga pamantayang nagpaparumi ng hangin at nakakalasang nagkokontamina sa hangin. Bumaba na ang pangkalahatang pagsunod sa mga ipinag-aatas sa permit sa kalidad ng hangin sa limang refinery ng Bay Area nitong mga nakaraang taon, kung saan nagkaroon ng matitinding pagtaas sa kaganapan sa pag-flare, Titulo V na paglabag sa kundisyon sa permit at Mga Paunawa ng Paglabag. Ang mga nakaraang kaganapan sa pag-flare ng refinery ay nagresulta sa mga abiso sa pananatili sa bahay, pagpapasara ng paaralan, at pagtaas ng mga pagbisita sa emergency room mula sa mga residenteng nakatira sa mga komunidad na malapit sa mga refinery.

Itinataas ng AB 1897 ang limitasyon sa sibil na multa sa hindi hihigit sa \$30,000 para sa mga refinery para sa mga paglabag sa, kung saan nagresulta ang discharge sa isang matinding abala sa komunidad, may nakakalasang nagkokontamina sa hangin ang discharge, at 25 o higit pang tao ang nalantad sa discharge. Itataas ang limitasyon sa sibil na multa sa hindi hihigit sa \$100,000 para sa mga kasunod na paglabag sa loob ng labindalawang buwang panahon.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Distrito ng Hangin Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Distrito ng Hangin Homepage](#) | [News Releases](#)